
Process Safety Beacon
Mga Mensahe para sa mga Manggagawa
www.aiche.org/ccps/process-safety-beacon

CCPS An AIChE Technology Alliance
Center for Chemical Process Safety
aiche.org/ccps

Ang isyung ito ay Ini-sponsor ng
ioMosaic®
Minimizing risk. Maximizing potential.®
www.iomosaic.com

# Sabay-sabay na Operasyon (Simultaneous Operations) [SIMOPS]

Agosto 2023



*Pigura 1. Ang plataporma kung saan naganap ang paglabas. Makalipas ang labinlimang segundo, ang istraktura ay nilamon ng ulap. (Rep. ulat ng CSB No. 2021-01-I-TN)*

Isang manggagawa ang namatay at dalawang iba pa ang malubhang nasugatan nang mahulog sila mula sa Ika-5 palapag ng plataporma. Sinusubukan nilang akyatin pababa sa ilang mga tubo upang makatakas sa panahon ng paglabas ng nakakalason na usog haydrodyen klorido (HCl). (Tingnan ang Larawan 1.). Mayroong ilang mga aral mula sa pangyayaring ito. Ang Beacon na ito ay tumutuon sa isa lamang: Mga Sabay-sabay na Operasyon (Simultaneous Operations), kung minsan ay tinatawag na SIMOPS.

Ang lahat ng mga nasugatang manggagawa ay kabilang sa mga tauhan ng pagbubukod na nasa plataporma kasabay ng mga tuberong tauhan na naghihigpit ng mga tornilyo sa malapit lang. Ang mga tubero ay naaangkop at protektado laban sa isang paglabas ng HCl na mga kasuutang may buong-mukhang panghingang proteksyon. Hindi inayos ng tagapagbigay ng permiso para sa pagbubukod na trabaho ang mga kinakailangan na PPE, kaya mayroon lamang silang panghingang pangtakas at nagsuot ng hindi tinatablan ng apoy (Flame Resistant - FR) na damit.

## Alam Mo Ba?

- Ang sabay-sabay na operasyon ay tumutukoy sa mga aktibidad na ginagawa ng maraming grupo tulad ng mga operasyon, mga kontratista, pagpapanatili o iba pa, sa parehong lugar at sa parehong oras.
- Ang ilang mga operasyon - tulad ng mga plataporma na malayo sa baybayin - ay kailangang isaalang-alang ang mga sabay-sabay na operasyon nang mas madalas.
- Ang pinaka-malamang na oras para sa sabay-sabay na mga operasyon na mangyari para sa karamihan ng mga yunit ng proseso ay nauugnay sa mga pagpapanatili (turnaround) - tulad ng sa insidenteng ito.
- Kapag nag-isyu ng maraming permiso sa parehong lugar, mas maraming posibleng panganib na dapat isaalang-alang.
- Ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang mga isyu sa sabay-sabay na operasyon ay ang pagsasaayos ng iskedyul upang maiwasan ang maraming operasyon sa parehong lugar.
- Kapag hindi maiiwasan ang SIMOPS, dapat isaalang-alang ng mga nag-isyu ng permiso ang mga posibleng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga aktibidad at sa pagitan ng iba't ibang tauhan sa trabaho.

## Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Dapat na koordinado ang mga permiso upang ang mga potensyal na magkasalungat na aksyon tulad ng pag-paagos ng mga madaling nasusunog at ang paghinang ay hindi ginagawa sa parehong lugar nang sabay.
- Ang mga sabay-sabay na operasyon ay maaari ding tumukoy sa mga operasyon tulad ng pagsisimula pagkatapos ng isang pag-papanatili. Isaalang-alang ang paghinto ng mga permiso sa trabaho hanggang sa maayos na tumatakbo ang unit.
- Ang isang paraan para kilalanin at pamahalaan ang mga sabay-sabay na operasyon ay ang pag-grupo ng mga aktibong permiso para sa parehong lugar sa isang lokasyon upang mapataas ang kamalayan ng sabay-sabay na mga operasyon.
- Kahit na ang mga trabaho sa parehong lugar ay hindi sumasalungat ang mga ito ay maaaring mangailangan ng mas detalyadong pagsusuri sa panganib na isinasaalang-alang ang PPE, labasan o iba pang natatanging isyu.
- Kapag gumagawa ng anumang trabaho sa kagamitan sa proseso o mga tubo, isaalang-alang ang posibilidad na mawala ang pagpigil nito.
- Tingnan ang March 2022 na Beacon para sa isa pang insidente na kinasasangkutan ng maraming kontratista. https://www.aiche.org/ccps/resources/process-safety-beacon/archives/2022/march/english

**Isaalang-alang kung paano makakaapekto ang sabay-sabay na mga trabaho sa isa't isa**

©AIChE 2023. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Pagpaparami na hindi komersyal, layuning pang-edukasyon ay hinihikayat. Gayunpaman, ang pagpaparami pang komersyal na walang nakasulat na pahintulot galing AIChE ay mahigpit na ipinagbabawal. Makipagugnayan sa amin sa ccps_beacon@aiche.org or 646-495-1371.